

MGA PAGSASAAYOS SA ANTAS NG SERBISYO

- Ang Portal ng mga Serbisyo ng Pangongolekta ng Basura sa mga Tirahan ay sarado na ngayon para sa mga paunang pagpili ng antas ng serbisyo, ngunit magkakaroon ka ng isa pang pagkakataon para gumawa ng mga pagsasaayos.
- Kapag natanggap mo na ang iyong **bagong gray na container ng basura**, magkakaroon ka ng **30 araw sa kalendaryo** upang:
 - Humiling ng **pagpapalit ng laki** para sa iyong container ng basura.
 - I-update ang iyong order para sa **mga container para sa inire-recycle o organic na basura**.
 - Mag-order ng **mga karagdagang container**.

- **Mahalaga:** Walang karagdagang panahon ng pagpapalit pagkatapos ng paghahatid ng iyong mga bagong container para sa inire-recycle. Ang tanging pagkakataon para i-update ang iyong order, kung kinakailangan, ay kapag naihatid na ang iyong kulay gray na container. Pagkatapos ng 30-araw, ang susunod na pagkakataon para gumawa ng mga pagsasaayos ay sa **Hulyo 2026**.

- Mag-log in sa iyong Portal account upang gawin ang iyong mga pagsasaayos sa antas ng serbisyo. Kung wala ka pang Portal account, inirerekomenda namin na gumawa ka ngayon. Sa ganoong paraan, handa nang gamitin ang iyong account kung kailangan mong gumawa ng anumang mga pagsasaayos. Maa-unlock mo rin ang mga benepisyo tulad ng kakayahang makita ang kasaysayan ng serbisyo at bayad ng iyong ari-arian at magkaroon ng access sa mga update sa text at email mula sa Lungsod. Bisitahin ang **wasteportal.sandiego.gov** at gamitin ang iyong natatanging code para mag-sign up ngayon!

Natatanging Code: **XXXXXXXXXX**

The City of
SAN DIEGO
Environmental Services Department
9601 Ridgehaven Ct. San Diego, CA 92123

PRESORTED
STANDARD
U.S. POSTAGE
PAID
SAN DIEGO, CA
PERMIT 134



**MGA BAGONG LALAGYAN NG LUNGSOD
PAPARATING NA!**

**Magsisimula sa OKTUBRE 2025 ang
mga Paghahatid ng Container**

Petsa

<<Full Name>>
<<Address Line 1>>
<<City>> <<State>> <<ZIP Code>>

Gustong manatiling napapanahon sa mga iskedyul ng paghahatid?
Mag-sign up para sa email at/o text alert sa Portal ng mga Serbisyo ng Pangongolekta ng Basura sa mga Tirahan sa wasteportal.sandiego.gov



May mga katanungan pa rin?



Bisitahin ang sandiego.gov/trash para sa mga madalas itanong at iskedyul ng paghahatid o makipag-ugnayan sa Environmental Services Department sa trash@sandiego.gov o 858-694-7000.



I-scan para sa mga magagamit na wika:

- English
- Español
- Tiếng Việt



Mga Detalye Ukol sa Iyong Ari-arian:

Address: [Insert Property Address Here]

APN: [Insert APN Here]

The City of



Environmental Services Department

Sisimulan ng Lungsod ng San Diego ang paghahatid ng mga bagong container sa pangongolekta ng basura sa tirahan ngayong Oktubre hanggang 2026.

Narito ang kailangan mong malaman:

ANO ANG MAGBABAGO

- Ihahatid ang (mga) bagong **gray na container ng basura** at (mga) **mapusyaw na asul na container para sa inire-recycle**.
- Aalisin at ire-recycle ang lahat ng **lumang itim** at **madilim na asul** na container.
- Ang mga berdeng organic na container ng basura ay mananatili, maliban kung humiling ka ng ibang numero o sukat sa Portal ng mga Serbisyo ng Pangongolekta ng Basura sa mga Tirahan.
 - Kung ang iyong ari-arian ay mayroon pa ring orihinal na berdeng container ng basura sa bakuran, ia-update ng Lungsod ang mga ito sa karaniwang container ng organic ng basura sa kalaunan sa 2026.
- Kapag natanggap na ng iyong kapitbahayan ang bagong kulay gray at mapusyaw na asul na mga container, ang Lungsod ay **hindi na mangongolekta mula sa mga itim at madilim na asul na container para sa inire-recycle**.

PROSESO NG PAGHAHATID

- Hindi lahat ng container ay darating nang sabay-sabay.
 - Ang mga gray na container ng basura ay unang ihahatid.
 - Ang mga mapusyaw na asul na container para sa inire-recycle ang susunod sa pangalawang pagbisita.
 - Ang mga pagbabago sa berdeng container (kung naaangkop) ay gagawin sa ikatlong pagbisita.
- Sa araw ng paghahatid, **ang mga lumang container ay aalisin at ire-recycle**. Maaaring hindi mangyari ang pag-aalis kasabay ng paghahatid, ngunit inaasahan na ang mga container ay ihahatid at aalisin sa parehong araw.

KAILAN DARATING ANG AKING MGA CONTAINER?

- Ang mga paghahatid ay batay sa iyong **ruta ng pangongolekta at araw ng serbisyo**.
- Hanapin ang iyong **tinantiyang petsa ng paghahatid sa sandiego.gov/trash**.
- Maaaring magbago ang mga petsa—mangyaring regular na tingnan habang papalapit ang paghahatid sa iyo.
- Hindi mo maaaring baguhin o iiskedyul ang iyong petsa ng paghahatid. Mangyaring makipag-ugnayan sa isang kapitbahay kung wala ka sa bahay sa nakatakdang araw.
- Magpapadala ang Lungsod ng mga text at email alert bago ang mga paghahatid. Kung gusto mong makatanggap ng mga paunawang ito, tiyaking mag-opt in sa email at/o text alert sa pamamagitan ng iyong Portal account.

MAHAHALAGANG TAGUBILIN SA ARAW NG PAGHAHATID - *Sa iyong naka-iskedyul na petsa ng paghahatid:*

- Ilagay ang **lahat container ng basura, inire-recycle at organic na basura** sa gilid ng bangketa—kahit na hindi puno ang mga ito o kung hindi kami gumagawa ng mga pagsasaayos sa ganoong uri ng container. Tinitiyak nito na natatanggap ng iyong sambahayan ang mga tamang bagong container at ang lahat ng luma ay kukunin at aalisin.
- Iwanan ang mga lumang container hanggang sa makumpleto ng mga kawani ang paghahatid ng iyong mga bagong container at pag-alis ng iyong mga lumang container.
 - Kung ang iyong mga lumang container o ang mga nasa iyong kapitbahayan ay hindi naalis, mangyaring humiling ng pag-alis nito sa sandiego.gov/GID.
- Hilahin ang mga bagong container papunta sa iyong ari-arian sa lalong madaling panahon.
 - Kumpirmahin ang laki at dami na tumutugma sa iyong inorder at tama para sa iyong ari-arian. Kung kailangan mong gumawa ng anumang mga pagbabago, mangyaring maghintay ng isang araw ng negosyo pagkatapos ng paghahatid at humiling ng pagsasaayos sa antas ng serbisyo sa Portal. **Mayroon kang 30 araw sa kalendaryo pagkatapos ng paghahatid upang gumawa ng anumang mga pagsasaayos**.
- Lagyan ng label ang mga container na pinaplano mong itabi sa iyong address sa puting kahon sa gilid ng container.

Salamat sa iyong pagtitiyaga habang ang Lungsod ay naghahatid ng mga bagong container sa mahigit sa **225,000** customer!

City of San Diego Environmental Services Department



 Environmental Services